

# 1

*That's it!*

Gustong tumili ni Nina at sabunutan ang buhok niya. Hindi na niya na-minimize ang document window sa laptop. Tumayo siya mula sa desk at parang torong nakakita ng nagwawagayway ng pulang bandila na sumugod sa living room.

Halos mabasag ang eardrum niya sa pagsigaw ni Alicia Keys ng *This girl is on fire!* God, mamaya siya na ang sisigaw ng *This bastard's on fire!*

Hinampas niya ang switch ng ilaw at bumaha ang puting liwanag sa sala.

“What the hell!”

Hindi niya pinansin ang mga nagmura at iritadong tumitig sa kanya. This was her house, the shitbrains! Hinila niya ang kordon ng stereo at nalublob ang buong bahay sa katahimikan.

Matigas siyang ngumiti. Much better.

“Hey!”

Parang mga langgam na nawalan ng sinusundang

amoy ang mga nagsasayaw sa gitna ng sala. Disoriented na napatingin sa paligid ang mga babae at lalaki, sigurado siyang lango sa alak ang mga ito. Pero mamaya na siya maghihisterikal tungkol doon. She was on a mission. Parang laser beams ang mga mata, gumala ang paningin niya para hagilapin ang source ng migraine niya nitong nakaraang tatlong linggo.

*Bingo!*

Hayun ang gago.

Nakikipaglalaman sa isang babaeng nakalimutan yatang magsuot ng pambabang damit nang lumabas ito ng bahay.

Hinagilap niya ang beer ng lalaking nadaanan at nagmartsa siya papunta sa dalawang taong tanging nanatiling deadma sa gitna ng nakamamatay na katahimikan.

The kiss was probably *that* good. Pero tingnan lang niya kung hindi mapansin ng mga ito ang gagawin niya. At kapag hindi pa iyon umubra, heaven help her, babatuhin niya ng mga tipak ng yelo ang mga ito.

Sa ngayon, binuhusan niya ng beer ang dalawa.

“Ahh!” tili ng babae at napatalon palayo sa kahalikan nito.

Nagmura ang lalaki at napatayo rin mula sa sofa.

*Avada Kedavra*, his blue eyes seemed to tell her.

Mabuti na lang at nag-rosary siya kanina.

“OUT!” sigaw niya. “All of you!”

---

“What the f\*ck is your problem?” Walang pakundangang hinubad ng lalaki ang pang-itaas nito at itinapon ang basang T-shirt sa carpet.

Mahahawa ang carpet sa amoy ng beer sa T-shirt nito. Pero baka hindi na iyon mahalaga. Sigurado siyang natapunan na ng beer ang kanyang Persian rug kanina pa. Gusto niyang tumili. Katas ng MS No. 55 niya ang Persian rug na iyon, dammit!

Kumuyom-palad siya at pinaalalahanan ang sariling bumilang hanggang sampu.

*Just breathe*, utos niya sa sarili.

Reyna ng pasensya ang mommy niya at ipinamana nito iyon sa kanya. Narinig niya ang pagsara ng pinto at ang pag-ugong ng mga kotse sa labas. Hindi na niya nilingon ang paligid para siguraduhing nakaalis na

ang lahat ng bisita ng napakagaling niyang boarder.

Matigas ang mga matang hinarap niya ang lalaki.

Mahirap ang hindi ma-intimidate kapag kaharap si Adam McIntosh. His piercing blue eyes could melt steel. At kapag ganitong galit ito, tila matingkad na bughaw na apoy ang mga iyon.

*Blue flame...*

Hindi nakatulong ang tattoo nito sa tagiliran. It was probably an ancient text of some demonic ritual for all she knew. Wala siyang obsession sa binata kaya wala siyang balak alamin kung ano ang ibig sabihin ng tattoo nito. Ang malaking pilat nito sa kanang balikat pababa sa baywang nito ay nakadagdag din sa aura nitong tila galing sa preso.

Yup. A US prison, of course. Those chiseled cheeks and jawline, and those vivid blue eyes were dead giveaways of his Caucasian ancestry, mixed with a fair amount of Asian... or Mediterranean blood. Hanggang ngayon ay nagdududa pa rin siya kung tama ba ang naging desisyon niya nang tanggapin niya ang lalaking ito na inirekomenda ni Sir Elton para maging housemate niya.

“What the hell is my problem?” Dinampot niya ang T-shirt sa rug at ibinato iyon sa lalaki. “What

the f\*ck are you doing? This is my house! You're just renting a room! I told you, you can't bring random people here!"

"I pay you five hundred dollars a month; I think that entitles me to some privileges." Muli nitong ibinato ang kamiseta sa sahig at humakbang palapit sa kanya hanggang sa kailangan niyang iangat ang ulo para titigan ito sa mga mata.

He smelled of beer and of cigarette smoke. But he smelled of aftershave too, of pine and of freshly cut grass. Pinilit niya ang sariling salubungin ang asul nitong mga mata at pinigil niya ang umatras. Parang *Kal-El* lang ang peg ng mga mata nito at nagkaroon siya ng ideya kung ano ang feeling nang matunaw sa heat vision ni *Superman*. Sa mga ganitong pagkakataon ay ipinapaalala niya sa sarili na mabuting tao ang lalaki. Hindi ito ex-convict at hindi siya nito sasakalin at itatapon sa pinakamalapit na ilog. Sabi ni Sir Elton ay mabango ang record nito. Ni wala raw itong record ng overspeeding.

Pero kapag ganitong nakatunghay ito sa kanya na parang si *Goliath*, mahirap paniwalaan iyon. Five feet seven inches ang tangkad niya pero mukha siyang bata sa harap nito.

And those muscles! Hard muscles everywhere,

malapit na niyang masaulo ang bawat sulok at bawat umbok ng katawan ng lalaki. Madalas itong shirtless na rumarampa sa bahay niya na para bang wala itong ibang kasama. Sinabihan na niya ito minsan pero walang effect. Of course, dahil si Miss Patience siya, pinalagpas na lang niya.

But the party from hell? That was crossing the line.

“Look, McIntosh, you are not to bring strangers to my house ever aga—”

“Or what?”

Gusto niyang sampalin ang mayabang nitong ngiti.

“You’re gonna kick me out?” Those sensual lips mocked her.

Binigyan niya ito ng kanyang pinakamatamis na ngiti.

“No, I will raise your rent to one thousand dollars, you imbecile!”

Hinagilap niya ulit ang T-shirt nito at muling ibinato rito. “Clean this mess, McIntosh. I don’t want to see a beer can in the morning or I swear—” Nahagilap ng mga mata niya ang kulay kremang

throw pillow at nakitang may pulang mantsa iyon. Tumili siya. “What the f\*ck? Regalo ’yun ng editor ko!”

Hinagilap niya ang throw pillow at gusto niya ulit tumili. Hanggang sa mahagip ng mga mata niya ang isang mas kahindik-hindik na tanawin.

Sa coffee table, nakapatong ang isang plato ng pira-pirasong labi ng isang *Chocolate Velvet Cake*.

“YOU ATE MY CHOCOLATE CAKE?” Hindi niya alam kung paano niya nagawang pigilan ang sariling saksakin ito gamit ang pinakamalapit na matulis na bagay.

*Her chocolate cake.* Ang chocolate cake na binili niya kahapon at balak niyang unti-unting kainin hanggang sa expiration date n’yon. Ang chocolate cake na minsan-minsan na lang niya binibili dahil nagtitipid siya para may maibayad sa lahat ng gastusin niya.

He ate it. The jerk ate it!

Pinaypayan niya ang sarili para tulungan ang sariling huminga.

Iikli ang life span niya sa lalaking ito, o makukulong siya nang di oras. Sigurado siyang ito

ang dahilan kung bakit hindi siya makapagsulat nitong nakaraang tatlong linggo.

*Pumasok ka na lang sa agency kagaya ng ate at kuya mo!*

*Oh, God.* Mariin siyang pumikit at ginamit ang will power para pigilan ang paparating na migraine. Naririnig na naman niya ang boses ng tatay niya. Ano na lang ang sasabihin nito kapag nalaman nitong tumanggap siya ng isang estrangherong boarder para punan ang gastos niya? Kakaladkarin siya nito pabalik sa Quezon City, iyon ang gagawin nito.

At para bang tinawag ng isip niya ang lahat ng mga multong tinatakbuhan niya, dumagundong ang isang boses sa sala.

“ANO ’TO?”

Daig pa niya ang dumikit sa live wire.

Halos mabali ang leeg niya sa bilis ng pag-ikot paharap sa pinanggalingan ng baritonong boses.

Kulang na lang ay kulog at kidlat, at papasa nang doble ng galit na *Zeus* si Retired General Albajar.

“What the hell is this, ANTONINA LUCRECIA?”

Kill her now, please.



Gusto niyang sumalampak sa sahig at sumigaw ng ‘WHY ME?’ sa langit habang nakatitig sa namumulang mukha ng kanyang ama at ina.

“I can explain!” she squeaked.

“Explain!” Malalaking hakbang na pumasok sa silid ang ama hanggang sa tila lamunin nito ang buong paligid. “Ano’ng nangyari dito at sino ang lalaking ’yan?”

Iminuwestra nito ang mga kamay sa sala niyang tila dinaanan ng tatlong bagyo. Huminto ang matalim nitong titig sa blue-eyed devil niyang boarder.

Pero hindi siya naging romance writer para lang sa wala. Mabilis siyang nakatahi ng kuwento. “He’s my boyfriend.”

Sa pagpintig ng ugat sa sentido ng ama, napagtanto ni Nina na nagsabi na lang yata dapat siya ng totoo.

## 2

“Your what?”

Mas nakakatakot si Retired General Albajar kapag kalmado ang boses nito. Hindi iyon bagay sa moustache nito, o sa malabatong mga muscles nito sa ilalim ng puting *Ralph Lauren* polo shirt nito. Sa edad na sixty-five, kayang-kaya pa rin nitong makipagsuntukan sa isang kagaya ni Adam. At hindi siya sigurado kung kanino siya pupusta kapag nagkataon.

Tinuwid niya ang likod sa pag-asang mapagtatakpan n’yon ang takot na rumaragasa sa kanyang mga ugat.

“I’m twenty-six, Dad. I’m old enough to have a boyfriend—”

“Ito ba ang dahilan kaya gusto mong magsarili?” Baka pumutok ang ugat sa sentido ng daddy niya kapag patuloy itong sumigaw ng ganoon. “Gusto mong umalis ng bahay para makipag-live in sa kung sinong Pontio Pilato—”

“Luis!” Hinawakan ito sa braso ng kanyang butihing ina. “Calm down, mag-usap tayo nang

maayos.” Pinukulan siya ng tingin ng mommy niyang naka-contour ang cheeks at naka-blow-dry pa ang kulot na buhok. “Nina, who is this young man?” Umarko ang perpekto nitong kilay habang nakatitig sa kung ano sa likod niya.

Young man? Ano raw? Sino ’yun?

Oh, yes, silly her. Ang pekeng boyfriend niya, paano ba niya nakalimutan?

“Uhm... ah, boyfriend ko.” Hinarap niya si Adam at pinandilatan ito. “Play along or I’ll murder you in your sleep!” she hissed at the blue-eyed devil.

Ngumisi ito, iyong ngising nagsasabing, “*You are so dead*”, at biglang ipinulupot ang isang braso sa kanyang balikat. Muntikan na siyang mapaubo sa higpit niyon. Sumubsob siya sa dibdib nitong hinulma yata sa matinding init at presyon para maging ganoon katigas. Nanuot sa kanyang ilong ang amoy ng bagong gupit na damo at parang nahilo siya.

*Sh\*t*, naniningil na yata ang sobrang pagpupuyat niya.

“Good evening, Ma’am, Sir, I’m Adam McIntosh, *Antonina’s* boyfriend. It’s my pleasure to meet you.” Idiniin pa ng hudyo ang pangalan niya na sigurado siyang noon lang nito narinig.

Inilahad nito ang kamay sa kanyang mga magulang na tila ba nakasalubong lamang nila ang mga ito sa isang restaurant, na para bang hindi ito hubad-baro at nakatayo sa gitna ng sala niyang tila pinagsayawan ng isang lupon ng mga masasamang espiritu.

“Oh, you are such a handsome young man!”  
Kuminang ang mga mata ng kanyang mommy.

*Oh, mother dear! Looks are not everything!* gusto niyang iiyak pero tinanggap na nito ang kamay ng devil-incarnate.

“At ngayon alam ko na po kung kanino nagmana ng ganda si Nina.” Hinagkan nito ang kamay ng kanyang ina at muntikang lumuwa ang mga mata niya.

What the hell? Marunong itong mag-Tagalog!

Naalala niya ang lahat ng pagkakataong bumubulong-bulong siya habang nakatalikod ito sa pag-aakalang hindi nito maiintindihan ang sinasabi niya. Oh, God, may isiniwalat ba siyang maitim na sikreto habang nasa paligid ito? Gaya nang hindi siya araw-araw nagpapalit ng bra?

“You are such a charmer! Are those eyes the real deal? Ano’ng lahi mo? Nina, ba’t di mo ipinapakilala

sa 'min ang boyfriend mo?"

"Mommy—"

"Nina's kind of shy." Humigpit ang yakap ni Adam. "But she's planning to introduce me to you on her next visit." Dumampi ang malalambot na labi ng pekeng boyfriend niya sa kanyang noo at nanigas siya.

Malalaking mata siyang napatitig sa kanyang daddy.

Kagaya ng kanyang inaasahan, mukha itong nag-alburotong Mount Pinatubo. Hindi alam ni Adam ang ginagawa nito. Kaunting tulak pa at sasabog na ang daddy niya. Iyong tingin na iyon ang dahilan kaya kumakaripas ng takbo ang lahat ng mga lalaking umaaligid sa kanya. Iyon ang dahilan kaya hanggang ngayon ay No Boyfriend Since Birth pa rin siya.

"Adam, d'un ka kaya muna sa guestroom." Pilit niyang kinalas ang yakap nito. "D'un ka muna sa guestroom, kasi hindi ka nakatira dito, di ba?" Pinanlakihan niya ito ng mga mata. "Kakausapin ko lang muna sina Mommy, sige na."

Lumapad ang ngiti nito at nagkaroon siya ng ideya kung ano ang naramdaman ng langaw nang mabihag ito sa sapot ng gagamba.

“Sure, Babe.” Ibinaba nito ang mukha at hinuli ang mga labi niya. His tongue made a quick swipe inside her mouth, jolting her with an electric rush of heat when the flavor of beer and mint spread throughout her tongue. Tinapos nito ang halik bago pa niya makagat ang dila nito.

“Later, Babe.”

Pinisil pa nito ang puwet niya bago rumampa pabalik sa silid nito.

“Oh, Luis! Nakita mo ba ’yun!” Parang teenager na kinikilig ang mommy niya.

Parang ayaw niyang tumingin sa daddy niya.

“Antonina Lucrecia, magpaliwanag ka!”

---

“Matanda na ’ko, Daddy, may karapatan na akong magdesisyon tungkol sa buhay ko.” Sinubukan niyang huwag manginig sa ilalim ng titig ng daddy niya. Para iyong pagpipigil manginig habang naka-bathing suit sa loob ng walk-in freezer.

“Dito ba siya nakatira?” Malamig din ang boses ng ama.

Umupo ang ina sa tabi ng kanyang daddy at

inabutan ito ng baso ng tubig. Ininom iyon ng ama habang nakatitig pa rin sa kanya. Pinigil niya ang sariling huwag ibaling ang tingin sa coffee table. May ilang lata pa ng beer na nagkalat doon.

“No. May dumating lang kaming mga kaibigan at nag-party sila dito, ’andito lang si Adam para tulungan akong maglinis ng kalat.”

“Alas onse y media ng gabi at nagpa-party pa kayo?”

*Alas onse y media at bumibisita kayo? gusto niyang isumbat.*

“Gusto ka naming sorpresahing bisitahin at ano’ng dinatnan namin? Mga lasing na lumalabas ng bahay mo at isang lalaking nakahubad sa living room mo!”

*Ugh... Gusto niyang hagilapin ang natirang beer at tunggain iyon. Nandito ang mga ito para sa isang surprise visit? Hah! Sigurado siyang gusto lang siyang hulihin ng mga ito sa kung ano ang tinatago niya. Ano ba ang tingin ng mga ito? Nagtatago siya ng isang lalaking may tattoo at pilat sa katawan? Well, meron nga.*

“I’m twenty-six, Daddy, alam ko na ang ginagawa ko.”

“At ano’ng ginagawa mo? Ito ba ang buhay na gusto mo? Ang maglasing at magpa-party buong gabi? Ito ba ang independence na tinatawag mo? Ang karapatang magdala ng kung sino-sinong lalaki sa bahay mo?” Mataas ang boses ni Retired General Abrajal.

“Ito ba ang ipinaglalaman mong buhay, ha, Antonina? Mas gusto mo ba ’to kaysa sa gumising sa umaga at pumasok sa matinong trabaho at—”

“Luis.” Hinawakan ito sa balikat ng mommy niya at nagpasalamat siyang lihim dahil doon.

Nag-iinit ang mga mata niya at masakit ang bagang niya. Napansin niyang nakakuyom palad rin siya. She probably would have said something she’d regret had her mother not intervened.

Tumitig siya sa ama. “Hindi ako babalik sa bahay, Daddy.”

Tumayo siya pero hinagilap ng mommy niya ang braso niya. “Kalma lang, Nina. Umupo ka muna.”

Nagpakawala siya ng hangin at pinilit umupo ulit.

Nanatili siyang nakatitig sa mesa.

“Gusto ka lang namin tingnan ng daddy mo dito



kaya kami pumunta. Isang buwan ka na ring hindi dumadaan sa bahay—”

“Tumatawag naman ako—”

“Iba pa rin ’yung nakikita ka namin.”

“Nakita n’yo nang okay ako, ano pa ba?”

“Nina.” Pinisil ng mommy niya ang kamay niya. Napakalambot ng kamay nito, halatang alagang-alaga sa lotion at moisturizer. “Golden anniversary ng lolo at lola mo next year, samahan mo kaming maghanap ng venue para sa reception. We’re thinking of a beach resort. Samahan mo kaming mag-scout bukas sa Batangas, hm?”

Nilunok niya ang umahong liyab ng inis sa sikmura. “Bakit ako? Ba’t hindi si Kuya o si Ate ang isama n’yo?”

“Your Ate is busy—”

“At ako, hindi?” Pinigil niya ang pagtaas ng boses. “I’m paying for this house, Mommy. I have bills to pay, too. I’m working, too. Hindi lang si Ate at Kuya ang may trabaho.”

“Nina.” Pinisil muli ng ina ang kamay niya. “Sige na, tatlong araw lang naman. Dalawang araw nga lang kung tutuusin. Babalik din tayo sa Wednesday

ng umaga. Sige na, samahan mo na kami.”

May dalawa siyang pagpipilian. Ang makipagtalo pa at igiit na may schedule din siya. Na may ginagawa siya sa buhay niya at hindi puwedeng basta na lang siya hilahin ng mga ito kapag gusto ng mga ito.

Writing was a job, too. Kailan ba maiintindihan ng mga ito iyon?

O puwede siyang pumayag na lang nang matapos na ito. Pinilit niya ang sariling huminga nang maayos.

Growing up under her charming mother and army general father, she had learned to pick her battles. And given what her parents saw in her house tonight, she knew she had to bend this time.

“Fine.” Tumayo siya at dinampot ang mga lata ng beer. “Doon kayo sa kuwarto ko. Matulog na kayo. Aayusin ko lang ’tong ibang kalat ’tapos matutulog na rin ako.”

Tumayo rin ang mommy niya. “Tulungan na kita.”

“Hindi na, Mommy. Sige na, matulog na kayo. Hindi kayo dapat nagpupuyat, mamaya ma-high blood pa kayo.” Tumalikod siya para dalhin ang mga lata sa kusina.

“Yung lalaking ’yun, matutulog ba dito?” Matalim pa rin ang tinig ng ama.

Inihulog niya ang mga lata sa thrash bin sa kusina. “Yes. But don’t worry, d’un ako matutulog sa kuwarto ko kasama n’yo ni Mommy.”

God, para siyang ten years old na ayaw payagang mag-sleep over sa kapitbahay nila. Mapait siyang ngumiti sa sarili at bumalik sa living room. Tila nagbabanta pa ring pumutok ang ugat sa sentido ng ama.

“We will talk more about that young man tomorrow.” Tumalikod ang kanyang daddy at mabibigat ang hakbang na tinungo ang kanyang silid.

And for all her charm and beauty, mukhang tinablan na rin ng stress at pagod ang kanyang ina. Maliit itong ngumiti at hinagkan siya sa sentido. “Sige na, matulog ka na rin. Maaga tayo bukas.” At iniwan nito ang amoy ni *Jennifer Aniston* sa hangin.

---

She felt like a pervert sneaking into a guy’s room. Pero wala siyang pagpipilian. Kanina pa siya mahinang kumakatok pero hindi siya nito pinagbubuksan ng pinto. Pinihit niya ang seradura at bumukas iyon. Uminit ang bumbunan niya.

Hindi ito nag-lock! Paano na lang kung sinugod ito ng tatay niya at nakita ang silid nito? Eh, di nabuking na siya na dito nakatira ang gago!

Maingat niyang isinara ang pinto at iginalang tingin sa silid. Wala ang binata sa paligid at dinig niya ang tunog ng shower sa banyo. Maliit man ang bahay niya, may sarili pa ring banyo ang parehong kuwarto. Ipinagawa niya iyon dahil balak niya talagang parentahan ang isa sa mga silid. Gusto sana niya ay babae ang maging boarder, but she supposed beggars can't be choosers.

*Typical*, she thought, napangiwang nang makita ang kuwarto. Magulo, magulo, magulo. Napansin niya ang isang box sa ilalim ng kama na bahagyang nakalabas. Tila may hinila ito roon para—

“Snooping around?”

Napatalon siya sa mainit na hininga sa kanyang batok at bumangga siya sa isang matigas na bagay.

“F\*ck it, Nina!” Sabay silang natumba sa kama.

Umuungol siyang napamulat. Tumambad sa kanya ang dibdib ng lalaking mahilig maghubad. Inikot niya ang mga mata. Great. She's on top of a naked guy. Hiling lang niya ay huwag sumugod dito ang tatay niya.

“You know, Nina, if you want me naked in bed, you don’t have to sneak in and hit me with your head. You could just ask nicely.” Hindi niya pinansin ang pang-uuyam nito.

“Shut up.” Tumayo siya at tumalikod dito. “Mag-shorts ka.”

Rinig niya ang sarkastiko nitong tawa pero narinig din niya ang kaluskos ng tela.

Humarap siya rito sakto para makita itong tadyakan papasok sa ilalim ng kama ang kahong nakita niya kanina.

“What’s that?” aniya.

“None of your business.”

Inikot niya ang mga mata. Pupusta siyang porn iyon.

Ibinalik niya ang tingin dito at hindi na siya nagpaliguy-ligoy. “I need your cooperation.”

Those blue eyes glittered like sapphires. “Oh?”

“I need you to pretend as my boyfriend for a few weeks, two months at most.”

“And why would I do that?”

“Bababaan ko ang renta mo.”

Nanatili lamang itong nakatitig sa kanya at napagdesisyunan niyang hindi niya talaga gusto ang blue eyes. Wala pa ring pang-itaas ang binata at bumukol ang mga kalamnan nito sa braso sa paghalukipkip nito.

God, sobrang mainit ba sa bahay niya at ayaw nitong mag-T-shirt?

Kumuyom-palad siya at tinaliman ang titig dito. “Fine, puwede kang magpa-party dito. Pero hanggang midnight lang. Ayokong maireklamo sa Homeowners.”

“Wala kang katabing mga bahay dito.”

“Papayag ka ba o hindi?”

“You’re a drama queen, you know that?” Walang pakundangan itong humilata sa kama. Queen size ang kama pero nagmukha iyong maliit sa laki ni Adam. Those damp chiseled abs glistened under the stark light. Her eyes wandered to the ink on his left side. They looked menacing. She thought of ancient tribal warriors and Celts. Simbolo ang tattoo ng power, ng accomplishment sa mga sinaunang mandirigma. Iyon marahil ang goal ni Adam sa paglalagay ng kung anong ancient text sa left side nito. Maybe he

wanted to look cool. Umakyat ang mga mata niya sa matipuno nitong dibdib. Sandali iyong dumaan sa mahaba nitong pilat bago umakyat sa maanggulo nitong mukha. May mapang-uyam na ngiti sa mapupula nitong mga labi.

“Done checking me out?”

Mabuti na lang at hindi siya kasing-puti ng ate niya. Alam niyang hindi masyadong halata ang pamumula sa kanyang tan na balat. “Papayag ka ba o hindi?”

“This is f\*cking stupid. Gumagawa ka lang ng problema. Wala kang kailangang itago, bakit kailangan mong magsinungaling?”

“Look, yes or no lang ang sagot, McIntosh.”

“Natatakot ka bang malaman ng daddy mo na gipit ka sa pera? Na kailangan mong kumuha ng lalaking boarder na hindi mo masyadong kilala? Natatakot ka bang magkar'on sila ng dahilan para pilitin kang bumalik sa bahay n'yo? Gan'un ba kasama ang pamilya mo at ayaw mo silang makasama?”

Dapat na talaga siyang bigyan ng reward sa haba ng pasensya niya. Nagbilang siya ng sampu at huminga nang malalim bago nagsalita ulit.

“So what is it gonna be, McIntosh?”

Those piercing blue eyes remained cold and hard and his upper lip curled in a derisive smile. “Two months.”

Payak siyang tumango at umupo sa malapit na bean bag chair. Masarap ang tumayo habang nakahiga ito dahil pakiramdam niya ay mas nasa kanya ang upper hand, pero nakaka-distract din ang titigan ito ng ganoon habang nakatayo siya. Pinagsalikop niya ang mga kamay at tumitig sa asul na asul nitong mga mata.

“Now, this is how we met. Ayokong baguhin masyado ang mga facts, I think it would be better if we give them half-truths. Kung p’ano tayo nagkakilala lang ang babaguhin natin, ta’s siyempre ’yung residence mo. Obviously, ’wag mong sabihing binaha ang bahay na nirentahan mo dito sa Cavite kaya ka naghanap ng mabilis na marerentahang bahay o kuwarto. Huwag mong sasabihin na nirekomenda ka ni Sir Elton na maging boarder ko. Tell them you still live at your old place. But it’d probably be okay to tell them that Sir Elton introduced us.”

Bagot itong tumitig sa kisame. “Whatever.”

“Kailangan mong sumama sa ’min bukas



hanggang umaga ng Wed—”

“Can’t. May pupuntahan ako bukas.”

Sandali siyang pumikit at humugot ng hangin.  
“Babalik naman tayo sa Wed—”

“No.”

Nagpakawala siya ng hangin. Siguro nga ay sobra-sobra ang hinihingi niya. Alam niyang laging umaalis ang binata kapag MWF ng hapon at gabi na itong umuuwi. Wala siyang karapatang panghimasukan ang schedule nito para lang sa pangangailangan niya.

Pero talagang nangangailangan siya. “I’ll let you party ’til morning.”

“Deal.”

*Damn!* Pinagsisisihan na talaga niyang nagsinungaling siya sa mga magulang niya.

“Okay, so here’s our story.”

Ipinagpatuloy niya ang kuwento ng ‘pag-ibig’ nila.

# 3

“Get your hands off me,” mahina niyang asik habang nakangiti sa lalaking nakapalupot ang braso sa kanyang baywang.

Kuminang ang asul na mga mata ni Adam at lumapad ang ngiti nito. “But why, Baby?”

Idinampi nito ang bibig sa kanyang sentido at mariin siyang pumikit. Bumilang siya hanggang sampu pero walang silbi. Imbis na kumalma ay lalong umakyat ang dugo sa kanyang ulo. Her sense of smell heightened when she closed her eyes, and in the enclosed space of her father’s SUV, the scent of pine surrounded her. She was sure his darn scent had clung to her skin by now.

“So ipinakilala ka ni Sir Elton kay Nina?” Pinukaw ng tinig ng kanyang mommy ang isip niya.

Pinilit niyang imulat ang mga mata at ituon ang tingin sa ina. As usual, tila kumikinang ang balat nito sa ilalim ng sinag ng araw na galing sa bintana.

“Yes, Ma’am.” Pinaglaro ni Adam ang mga daliri sa buhok niya at gusto niyang kagatin ang bisig nito. “Nina and I bumped into each other in Sir Elton’s

office.”

“At lagi na kayong nagkita pagkatapos n’un?”  
sabat ng tatay niya.

Tinapunan nito ng matalim na tingin si Adam mula sa rearview mirror pero hindi tinablan ang binata, hinigpitan pa ng lalaki ang yakap sa kanya at muli siyang hinagkan sa sentido. Oh, God, gusto niya itong i-headbutt.

“Hindi n’ung una. Paminsan-minsan lang dumadaan si Nina do’n. Pero n’ung nakaraang tatlong linggo, napadalas ang dalaw niya sa opisina ni Sir Elton.”

“Bakit napadalas ka sa office ni Sir Elton, Nina?”  
Pinilit ng mommy niya na humarap sa kanila sa kabila ng seatbelt nito.

“Mila, that’s dangerous,” saway rito ng kanyang daddy pero hindi ito pinansin ng kanyang ina.

“It’s for my book, Mommy. Gusto kong malaman kung paano nagpapatakbo ng isang NGO.”

“Oh! Naalala ko, ’yung anak ni Mrs. Punzalan? Si Claire? Tinatanong niya kung may copy ka pa raw n’ung *True Love at Heaven Sent*, wala na kasi siyang makita sa *National*.”

“Mommy, wala na rin akong copy n’un, tinangay na ni Ondoy, di ba? Pati nga soft copy wala na. Sabihin n’yo sa kanya baka sa Recto na lang siya makakita n’un.”

Nagsalubong ang perpektong kilay ng ina. “Hindi ba sila magre-reprint?”

“I don’t think so.”

Tumitig siya sa labas ng bintana. Naalala si Nanay Sylvia na matagal na ring nanghihingi ng kopya ng *Heaven Sent* at *True Love* sa kanya. Iyon na lang daw ang kulang sa collection nito, pero nitong nakaraan, hindi na siya nito tinatanong tungkol doon. Napakunot siya. Nakakuha kaya ito ng kopya? Malabo iyon. May sakit sa buto ang matanda at halos nakatali na ito sa wheel chair at bihirang lumabas ng *Golden Nursing Home*. Imposibleng nakapag-field trip ito sa Recto. Wala rin siyang alam na ibang bumibisita rito maliban sa kanya at duda siya kung pumunta sa Recto si Ate Virgy na staff sa home para bilhan ang matanda ng libro niya.

“Paano kayo nagkakilala ni Elton?” Napapitlag siya sa boses ng ama at napatingin siya rito. Muli nitong tinapunan ng matalim na titig si Adam.

Adam was smooth as ever. “Last year po, sa isang

gala para sa mga injured heroes at sa mga pamilya ng mga 'to.”

Pinigil niya ang hininga. *One, two, three...*

“Injured heroes?” Tumuwid ang likod ni Retired General Abrajal at gusto niyang humalakhak.

She knew it.

“Yes, Sir.”

“Are you—” Tumigil sandali ang tatay niya at muling lumipad ang tingin kay Adam mula sa salamin.

Gusto niyang mapailing. Sabi na nga ba niya at iyon lang ang katapat ng tatay niya. Nagpapasalamat siya at suwerteng totoong sundalo ang pekeng boyfriend niya.

“What’s your full name again?” Nagpula ang ilaw sa intersection at inihinto ng kanyang daddy ang SUV.

“Adam Frederick McIntosh, Sir.”

“You’re a US citizen?”

“Yes, Sir.”

“You’re here in the country for what?”

“For a business venture, Sir, I’m a real estate agent and a licensed contractor in the US. I scout

old and sometimes, dilapidated houses and renovate them.”

Namilog ang mga mata ng mommy niya at hindi niya ito masisi. May dating talaga ang trabaho ng lalaki. Na-impress din siya nang una niyang malaman iyon. Isa iyon sa mga dahilan kaya tinanggap niya agad ito bilang boarder. Maganda ang financial at police record ng nito. Kaya nga hindi niya ito pinapaalis. And also, kailangan din niya ang perang ibinabayad nito sa renta.

“So you met Elton at a gala for injured heroes in the US?” patuloy ng kanyang Ama.

“Yes, Sir,” Adam replied. “He supports several foundations here and abroad.”

“Private First Class Adam McIntosh, POW in the 2003 invasion of Iraq?”

Tila putok ng baril ang tanong ng tatay niya at napatuwid ang likod niya. What the...? Prisoner of war?

Lumipad ang tingin niya sa binata at nakitang kasing-tigas ng granite ang maanggulo nitong mukha.

“Yes, Sir.” Kahit ang madalas ay mapang-asar nitong boses ay tila naging bakal sa tigas.

“Oh, so you are a soldier?” Muling humarap sa kanila ang mommy niya.

“I was, Ma’am.”

“Was?” pangungulit ng mommy niya.

“Honorable discharge, Ma’am,” tipid na sagot ng binata.

May kinalaman kaya sa pag-alis nito sa serbisyo ang mga pilat sa balikat at dibdib nito? Wala sa loob na dumako sa dibdib ni Adam na nababalutan ng itim na T-shirt ang mga mata ni Nina.

“You were a prisoner of war during...”

“Mila.” May tigas sa mahinahong boses ng ama at agad nakuha ng kanyang mommy ang ibig nitong sabihin.

“Oh, I’m sorry, Adam. Pagpasensyahan mo na kung masyado akong matanong.”

“It’s okay, Ma’am.” Maliit na ngumiti ang lalaki pero kita niyang pilit iyon. “It was in 2003, I was a mechanic with the 507th Maintenance Company. We were the last in a military convoy of over 600 vehicles from the 3rd Infantry Division during the advance to Baghdad during Operation Iraqi Freedom. Our element had the heavier and slower vehicles of the

507th and we were the last in the convoy. We made a wrong turn in Nasiriyah and Iraqi forces ambushed our unit. The enemy damaged our vehicle. Eleven soldiers died in the battle and seven of us were held prisoner.”

Mahirap marinig na seryoso ang boses ng isang tao na laging may pang-uuyam sa tono. Mahirap ding makita na matigas ang ekspresyon nito dahil lagi itong nakangisi o nanunukso. Parang ibang tao si Adam. And she didn't know how to react to it.

At mukhang hindi rin alam ng mga magulang niya kung paano magre-react. Binalot sila ng katahimikan matapos iyon.

Pero mamaya pa, malapad ang ngiting binalingan ulit sila ni Adam ng mommy niya.

“Nakita mo na ba ang mga beaches dito sa Pinas? Marami ring mga bahay sa paligid na puwede mong bilhin at ayusin para ibenta!”

Adam smiled sheepishly at her mother's not so subtle attempt to change the atmosphere. “Hindi pa nga po ako nakakabisita sa magagandang resorts dito.”

“Oh, tamang-tama at sa Batangas ang punta natin!” At parang rabbit na nakatira ng marijuana



na dumadal ang kanyang ina.

---

“Saan ka natutong magsalita ng Filipino?” tanong ng kanyang ina na para bang si Adam ang sagot sa wrinkles at bad hair day.

Malapad na ngumiti ang binata at tila wala sa sariling pinaglaro ang mga daliri sa kanyang leeg. Pasimple niyang siniko ito pero suwabeng dumulas lang pababa ang kamay nito sa kanyang likod at pinisil ang kanyang puwitan. Nanigas siya.

“What’s wrong, Nina?” kunot-noong tanong ng ina.

Pinilit niyang ngumiti at pasimpleng hinila paakyat ang kamay ni Adam, pero dumako lang ang kamay nito sa kanyang balakang at mariing pinisil iyon. Sumakit ang panga niya sa pagpilit niyang ngumiti.

“Wala, Mommy.”

“She’s probably dizzy from all the sun.” Humigpit ang yakap ng lalaki sa kanyang baywang at maningning ang mga matang tunitig sa kanya. “Nina doesn’t go out very much. Sometimes, when we’re alone, she’d just laze around the house in her thongs

and—”

“So, kay Mommy mo naman ikuwento kung p’ano ka natutong mag-Filipino, Adam.” Halos mapunit ang mga pisngi niya sa pilit na pagngiti. Ang gusto niya talagang gawin ay sampalin ang mayabang na mukha ni Adam.

“May naging kaibigan akong Filipino, nagmigrate ’yung pamilya niya sa US n’ung elementary siya. Nagsasalita pa rin ng Filipino ’yung buong pamilya niya kahit nasa US na sila.”

“That’s good to hear,” komento ng mommy niya.

“His parents are very particular about Filipino values and culture, very strict sila. Nakakainggit ang pagpapalaki ng mga magulang nila sa kanila.”

Gusto niyang masuka. *Puh-lease!*

Nakakainggit her face.

Isa sa mga araw na ito ay wiwisikan niya ito ng holy water. Kung hindi lang niya ito nakasama nitong nakaraang tatlong linggo, pati siya ay maniniwala sa pinagsasabi nito. Heck, kahit nga alam na niya ang totoong kulay nito ay baka maniwala pa rin siya kung hindi lang nito kanina pa pinipisil ang puwit niya! The bastard could charm a snake. Nakakatakot na kaya

nitong magpanggap ng ganito. Aakalaing totoong may moral values ang binata sa sinsero nitong mga mata.

“What do you think of the place, Nina?”

Muntikan na siyang mapatalon sa boses ng kanyang daddy. Thankfully, mukhang wala itong kakaibang napansin at abala nitong nililibot ng tingin ang kahabaan ng dalampasigan at payapang dagat.

“Walang teroristang dadaong d’yan, Daddy, don’t worry.”

Umangat ang dalawang kilay ng ama at bumaling sa kanya. Gumapang ang isang ngiti sa mga labi nito at hindi rin niya mapigilan ang ngumiti. She loved her father’s smile.

“It’s awesome here, right, Baby?” Pinisil ng kanyang ‘nobyong’ ang balakang niya at tumigas ang kanyang ngiti. “Siguradong may magandang diving site dito. We should try it together, Babe.”

Inuuyam siya ng asul nitong mga mata at malalambot nitong mga labi. Inilabas niya ang mga ngipin sa kanyang ngiti.

“Yes, Adam.”

“We should let your parents join us, too. Right,

*Babe?*”

Pumalakpak ang mommy niya. “Oh, yes, let’s do that!”

Adam wiggled his eyebrows. “You should wear a red bikini, Honey, like those girls we saw earlier. Your 36D will definitely fill those—”

Pinilit niyang tumawa at hinampas ito sa tiyan. “Oh, Adam, let’s talk about that some other time.”

“Boo! All work and no play makes Nina a dull girl. You need to loosen up a bit, straitlaced girls are so boring in bed.”

“Adam!” Pinandilatan niya ito. “Nauuhaw ako, bili tayo ng drinks!” At hinagilap na niya ang kamay nito at kinaladkad ito palayo sa mga magulang niya.

Tinahak niya ang isang tindahang natanaw niya kanina habang hila ito. Pero bago sila makarating doon ay tumigil siya at hinarap ito.

“What the hell is your problem?” Itinulak niya ito sa pader ng kalapit na cottage.

He snarled and leaned back against the wall. “Hit your head somewhere, *Baby*? You asked me to pretend to be your boyfriend, forgot about that?”

“F\*ck you!”

“Sure, Babe, wanna do it here? I brought rubber.”

Umakyat ang dugo sa ulo niya. Mariin siyang pumikit at kumuyom-palad bago ito pinanlisikan ng tingin. “Look, McIntosh, hindi ko alam ang problema mo. Alam kong sa tingin mo joke lang ’to. Pero hindi sa ’kin. Unlike you, I have morals. Unlike you, I actually care about what my parents think. Kung para sa ’yo wala lang ang pag-usapan ang sex life mo sa harap ng ibang tao, at kung para sa ’yo, balewala lang ang manghawak ng puwet ng iba, sa ’kin hindi. Bastos ka. Wala ka bang konsepto ng hiya? Kasi ako meron.”

Tumawa ito at bumagsak ang mga balikat niya.

Tila nagyeyelo sa lamig ang mga mata nito at pinigil niya ang umatras. “Well, Babe, I’m sorry if I didn’t meet your standards. But let me remind you. You’re the one who dragged me here, your bitchy, shallow, highness.”

“Siguro tingin mo napakababaw ng dahilan ko kaya ko ’to ginagawa. You don’t know me.”

Umalis ito sa pagkakasandal sa dingding at lumapit sa kanya. Pinaglabanan niya ang pagnanais na tumakbo. Hindi siya magpapadala sa takot sa laki

nito o sa mga tattoo nito. “And you don’t know me.”

“Nina?”

Napatalon siya nang marinig ang pangalan niya. Galing iyon sa unahan ng tindahan.

“Nina, ’wag kang magtago! ’Asan ang BF mo?”

Umungol siya at sinapo ang noo. Great.

“Another member of your family, f\*cking awesome,” komento ng binata.

Pinukulan niya ito ng matalim na titig. “That’s my sister Patricia. Apparently, sumunod sila dito ng asawa niya. Be nice.”

“You’re the only one who has a stick up your ass here, *Babe*.”

Sinabunutan niya ang sarili. Sa lahat ng ayaw niyang makakita sa pekeng boyfriend niya, ang Ate Patricia niya iyon. Kaya siya nitong basahin na parang eBook. Kilala nito ang lahat ng naging crush niya simula kindergarten. Maaamoy nitong nagpapanggap lang sila ni Adam, sigurado siya.

“Nina?” Papalapit na ang boses nito.

Hinagilap niya ang kamay ni Adam. “Look, McIntosh, just... just play a little nicer, okay? Hindi

maniniwala ang kapatid ko na papatol ako sa isang lalaking bastos at parang siga. So just act a little—”

Hinagilap nito ang baywang niya at bumangga siya sa dibdib nito. “H-hey...”

Hindi nakalagpas sa kanya ang mapang-uyam nitong ngiti. “I have a better way to convince your sister we’re dating.” His hard mouth covered her lips.

Dahil nasa gitna siya ng pagpoprotesta, nakaawang ang mga labi niya at sinamantala iyon ng binata. His tongue slid inside her mouth, flooding her tongue with the taste of mint and spice. One of his hands gripped her nape while the other held her back. She was pressed against his rock-hard chest, her breasts crushed against his solid muscles.

Lumapat ang likod niya sa isang dingding at napasinghap siya. But he only swallowed her gasp. Nagsisi siya na tight sleeveless ang isinuot niya kaninang umaga, it allowed him to ran his fingers along the exposed upper swell of her breasts.

“Nina!”

Napatalon siya at mabilis na itinulak si Adam. Rinig niya ang malalakas na tibok ng kanyang puso sa kanyang tainga. Malalaking mata siyang napatitig sa kanyang ate.

“I...” Naramdaman niya ang mainit na hininga ni Adam sa kanyang tainga.

“Sigurado akong hindi na siya magdududang may relasyon tayo ngayon.” Kinagat nito ang kanyang earlobe bago tuluyang itinulak ang sarili palayo sa kanya.

In-introduce niya ang dalawa.

“Hi, Patricia! I’m gonna buy some drinks, want something?”

Maang lang na napatitig dito ang ate niya. Itinulak din niya ang sarili mula sa dingding kahit parang umiikot ang paligid niya. She felt... hot. *Oh, God, this is not good.* Pilit niyang pinatatag ang tinig.

“B-bottled water na lang sa ’min pareho, Adam.”

“Sure, Babe.” Walang lingon itong naglakad papunta sa harap ng tindahan.

Kasing-laki ng donuts ang mga mata ng kanyang ate. “Ano’ng nangyayari dito?”

Sandali siyang pumikit. Wish lang niya ay alam niya.